# Kung hindi ka nagsasalita sa Ingles

Kung hindi ka mahusay na nakakapagsalita sa Ingles, makakakuha ka ng tulong *sa loob* ng hukuman kapag nakikipag-usap ka sa hukom, at *sa labas* ng hukuman, para makalahok sa mga programa o iba pang serbisyo na iuutos ng hukom.

## Sa loob ng hukuman

Kung hindi ka mahusay na nakakapagsalita o nakakaintindi ng Ingles, maaaring kailanganin mo ng tagapagsalin para matulungan ka sa hukuman.

Para matuto ng higit pa tungkol sa mga tagapagsalin sa hukuman at kung paano humiling nito. Available din ang impormasyon ng tagapagsalin sa hukuman sa Arabic, Chinese (Simplified), Chinese (Traditional), Farsi, Korean, Punjabi, Russian, Tagalog, o Vietnamese.

Hanapin ang simbolong ito sa iyong hukuman o humiling ng Kinatawan ng Akses sa Wika sa clerk. Maipapaalam sa iyo ng kinatawan ng Akses sa Wika ang tungkol sa mga serbisyo sa wika na available sa iyong hukuman.

## Sa labas ng hukuman

Bilang bahagi ng iyong kaso, maaaring iutos sa iyo ng hukom na lumahok sa isang aktibidad sa labas ng hukuman.

Ang mga halimbawa ay:

- Mga klase sa pagiging magulang
- Mga klase sa pamamagitan para sa nagmamaltrato
- Pagsasagawa ng drug test
- Paggamot sa Pag-abuso sa Ipinagbabawal na Gamot
- Pagpapayo

Kung hindi ka mahusay na nakakapagsalita sa Ingles, at iniutos sa iyo ng hukom na lumahok sa programa sa labas ng hukuman, narito ang ilang bagay na maaari mong gawin:

### *Magsalita sa Hukuman*

Kung iuutos sa iyo ng hukom na lumahok sa isang programa habang nasa hukuman ka, maaari mong itanong sa hukom kung mayroong programa na nasa iyong wika. Maaari mo itong itanong sa pamamagitan ng iyong abogado o tagapagsalin.

### *Humingi ng Tulong*

Ang bawat hukuman ay may Kinatawan ng Akses sa Wika na maaaring makatulong sa iyo na maghanap ng programa na nag-aalok ng mga serbisyo sa iyong wika o nagbibigay ng serbisyo ng mga tagapagsalin. Sa iyong hukuman o sa website ng iyong lokal na hukuman, hanapin ang simbolong ito para sa tulong sa wika.

## *Humiling ng Ibang Kautusan*

Kung iuutos sa iyo ng hukom na lumahok sa isang klase o programa at hindi mo magawa ang iniutos ng hukom dahil wala sa iyong wika ang klase o programa, maaari mo itong sabihin sa hukom at humingi ng tulong.

Gamitin ang Porma na LA-400 *Hindi Available ang Serbisyo sa Aking Wika: Kahilingang Baguhin ang Kautusan ng Hukuman*

Mga tagubilin sa pagsagot sa porma na ito:

- **Item 1**: Ibigay ang iyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at mga wikang sinasalita mo
- **Item 2**: Ibigay ang impormasyon tungkol sa kautusan ng hukuman
- **Item 3**: Pumili lang ng isang check box para:

  -hilingin sa hukuman na *baguhin* ang iyong kautusan; O

  -humiling sa hukuman ng *mas mahabang panahon* para lumahok sa programa o serbisyo. Kung humihiling ka ng mas mahabang panahon at alam mo kung kailan magiging available ang tulong sa wika, ibigay ang petsang iyon sa hukuman.

- Ilagay ang petsa, i-print ang iyong pangalan, at lagdaan ang porma. Magtabi ng kopya ng porma.
- Ihain ang porma sa clerk ng iyong hukuman.

### Ang Tugon ng Hukuman

Kung sinabi mo sa hukuman na hindi ka makakalahok sa isang serbisyong iniutos ng hukom dahil sa problema sa wika at humingi ka ng mas mahabang panahon o ng ibang kautusan, maaaring tumugon ang hukom sa iyong kahilingan gamit ang Porma na LA-450 *Hindi Available ang Serbisyo sa Aking Wika: Kautusan*

Mga tagubilin sa pagbabasa sa porma na ito:

**Item 1**: Ang seksyong ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa iyo. Maaari kang magsumite ng kopya sa hukuman nang nasagutan na ang seksyong ito at iwang blangko ang natitirang bahagi ng porma.

**Item 2**: Ang seksyong ito ay naglalaman ng tugon ng hukuman sa iyong kahilingan.

Ang hukuman ay maaaring:

- gumawa ng ibang kautusan sa seksyon (a);
- magpalawig ng huling araw para sa pagkumpleto ng programa sa seksyon (b);
- gumawa ng karagdagang kautusan sa seksyon (c); o
- tanggihan ang iyong kahilingan at magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano lumahok sa programa o serbisyong iniutos ng hukuman. Gagamitin ng hukuman ang seksyon (d) para maibigay ang impormasyong ito.

### Sertipiko ng Serbisyo ng Clerk

Ang seksyong ito ay pupunan ng clerk ng hukuman para isaad kung sino ang nakatanggap ng kopya ng kautusan, kabilang ka, ang iba pang partido o mga partido sa kaso, at anumang ahensya ng gobyerno na may kaugnayan dito.

*Pakitandaang sa halip na gamitin ang porma na ito, ang hukom ay maaaring tumugon sa iyong kahilingan sa isang pagdinig*.

## Kailangan ng Tulong sa Iyong Wika?

**Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles:**

Si no habla inglés

如果你不会说英语

영어를 못하면

Nếu bạn không nói tiếng anh

**Mga Isinalin na Porma:**

**Formularios legales**

**法律形式**

**법적 형식**

**Hình thức pháp lý**